

GUHÒ

Tula
2025

I. Duguan ang mga balitang nagkapakpak mula sa Gaza

Ang aral ng gunita bago ang karahasan ay talinghaga ng pagdungaw sa bintana. Nagpapatuyo sa init ang mga ina ng kanilang mga damit na tila puting bandila at wala pang sinumang nasusugatan. Wala pa. Wala pang ulat, wala pang ulap ng usok. May awit pang tumutugtog. Ngayon, guhò ang matatanaw sa binombang lungsod. Nakalugmok ang mga punò ng olíba nang gawin na lamang nila itong panggatong. Sumikip ang mga kalye at naging aninong gumagapang ang dalangin. Duguan ang mga balitang nagkapakpak mula sa Gaza nang lumapag sa ating mga balikat ang tákot at bigat na ramdam sa balát, sa ulirat. Nanunulay sa malay ang mga pahayag ng mga nawalan ng pangalan noong kumawala ang laksang bomba mula sa tiyan ng mga eroplano. Ilang araw silang nagtago? Ilang araw silang tumakbo? Nang gumuho ang moske, siguro'y umusog din palayo sa kanyang langit ang buwan. Nanunulay sa malay ang mga kaluluwang nawalan ng mga katawan. At ang mga aso't pusa'y nanginginain sa mga nalasog na kalamnan. Marahil, ang gútom ay nauukit ng hubad na talampakan sa buhangin. Parang kalmot ng patalim, parang tinik sa kaluluwa, parang paglilibing. Paano kinikilala ang pag-asa ng isang batang patuloy na naghahanap ng kanyang magulang mula sa lahat ng bangkay na kanyang binuklat? Mula dito, ang pagkawasak ay mga pahinang lumiliyab sa kasaysayan.

▪

II. Huwag mo sanang ipagdasal ang katahimikan lamang

Huwag mo sanang ipagdasal ang katahimikan lamang.
Hindi sapat ang katahimikan upang kanyang matandaan
ang tunog ng kanyang pangalan. Naiwan yata kung saan.
Baka tinangay ng buntonghininga. Natabunan ng guhò.
Ang tanging naalala niya: naghahanap siya ng damuhan
kung saan maaari siyang humimlay, lumikha't huminga
ng tula. Ang tanging nadatnan niya'y ang mga nawalay.
Kabiyak ng tsinelas sa ibabaw ng buhanging may dugo.
Tása ng tsaang baak sa mesa. Kalendaryong nalaglag.
Kuwadernong nahipan pataas ng nakaraang pagsabog.
Panyo ng inang may burda ng anak na biglang nawala.
Mga anak ng kahapong naglagalag na parang paruparo.
Sa ilalim ng balát ng lungsod, may tulang 'di natutulog.
Alam niyang ang lahat ng naiwan ay naghihintay lamang
na muling akitin ng himig, isang tinig na 'di na babalik.
Kung makalimutan man niya ang kanyang sariling ngalan,
magbáon ka ng awit, gawin mong tahanan ang berso,
gawin mong pinto ang saknong na handang kumupkop
sa tulad niyang hindi pinanatili nang matagal ng mundo.
Ang mahalaga, may nagbakasakaling siya'y matagpuan.

▪

III. Ang abo sa aming mga noo at tula sa mga kamao

Kung sa aming lupa nangyari ang pagkawasak sa Gaza,
ipauubaya ko ang paghimlay sa lupaing naging tahanan.
Kung may magbubuhay man ng katawan ko mula sa guhò,
ilágak sana ako sa lilim ng punòng hindi ko na makikita pa.
Kung may bulaklak mang sisibol, huwag akong tatanungin
kung anong uri. Di kaya'y maging dakot na lang ako ng abo.
Hangga't maaari ayaw kong makilala sa mata ng mga tao
ang tákot, ang gútom, ang pangungulila at ang kamatayan
kung sa aming lupa mangyari ang paglipol at pagkawasak.
Ayaw kong muling maging hardin ng mga basyo ang gubat
namin. Mahirap kalimutan ang lahat ng aming tiniis noon
sa mga nanakop. Kung matakpan man ang mga bangkay,
pupuslit, sisingaw sa aming pagtulog ang mga bangungot
ng mga pagsusunog, pagpapasabog. 'Pagkat kami naman
ang unang naililibing sa mga digmaang hindi naman namin
sinimulan. Ayaw ko sa digmaan dahil alam na alam kong
hindi ang mga diktador at makakapangyarihan ang unang
nabubura sa kasaysayan. Ngunit kung kailangang mamatay
para sa diwa ng bayan, gagawin namin iyon nang mayroong
ipapahid na abo sa noo at may tulang ibubulong sa kamao.

▪

IV. Sapagkat may mga ibon sa panaginip

Ngumanganga ang mga paslit sa harap ng langit.
Ang kalawakan ang kanilang nagsilbing bubong
habang sila'y nangangamba sa mga umuugong.
Igagala nila ang paningin sa mga maaaring kainin.
Saang lupalop kaya sila makahahanap ng arina?
Saang sulok ng disyerto makatitikim ulit ng tubig?
Kailan titigil sa kakaluha ang kanilang mga ina?
Kailan babalik ang kaytagal nang nawalang ama?
Ang oras ay tila salaming binabasag ng pag-iyak
tuwing umaatungal ang memorya ng pagsabog.
May mga kalalakihang nanlalambat ng mga ibon
upang papakin ang kakapiranggot nitong laman.
At ang tubig ay tinitikman, hinahating tila hininga.
At magdaraan ang maghapong lalong kaygabok.
Walang laman ang tiyan sa tuwing mananaginip
at hindi alam kung kailan mapapalis ang gútom.
Kapag gabi na't nakakatulugan nila ang taimtim
nilang inuusal *Hasbunallaahu wa ni'mal-wakeel*,
ang mga ibon sa kanilang panaginip ay lumilipad
pabalik sa lambat, mananahan sa kanilang palad.

▪

V. Kung may kamatayang mailululan ng himig sa gitna ng ligalig

Batid kong ang 'yong kamataya'y hindi awitin upang aking himigin.
Ngunit hayaan akong dinggin ang bulong ng mga nagtago sa dilim.
Paumanhin kung may panatang tila ba naging utos ng kamatayan.
Ngayon, ang pagkain ay paanyaya at ang paanyaya ay isang bitag
ng mga mersenaryong uhaw sa tilamsik ng dugo't tunog ng gatilyo.
Ngayon, ang bahay ay wala nang pinto ng alaala, ginigiba ng bakal,
ipinagtatabuyan ang mga katawan, pinalalayas sa mga kanlungan.
Ngayon, may mga gusaling lumuluhod bago pa tamaan ng bomba,
tila mga kalansay na naghahanap ng kaluluwa sa mga magdaraan.
Ano ba ang tawag sa katawan kapag binura na ang pangalan nito?
Hindi raw ito paglipol gayong may mga lumipad na binti sa hangin.
Hindi raw ito pagkawasak gayong nasira ang maraming paaralan.
Huwag ituturing na ito ay moral na pagkakamali lang ng pananalita
at dahilan kung bakit may mga batang hindi na natutong magsalita.
Maaaring walang sapat ang lawig ng pananagutan sa nilalabanan
at tinutuos mong kasaysayang hindi ko mauunawaan kahit kailan.
Ngunit sa panahong ito, ang lungkot at tákot ay hindi iyong iyo lang.
Sapagkat nagugútom din kami, bagama't hindi tulad ng nadama mo.
Umagos man ang dugo hanggang sa 'king paanan, hahawakan ito,
hihipuin upang kahit papaano ay mabasa ang aking katahimikan.

▪

VI. Ang amoy ng dugo sa panahon ng pagkawasak

Minsa'y ibinabangon ako ng amoy na hindi ko nakilala.
May panaginip na nagkukusang pumuslit mula sa isip.
Ako ang akong naroon at nagbebenta ng mga pabango
sa mga bálo ng digma na naghahanap ng mga bulaklak.
Maaaring kahawig ng nasamyo sa yungib ng memorya
ang unibersong iyon: dinadala ng hangin ang melodiya
ng mga oyáyí sa wikang arabiko at ang buwa'y nahahati.
Sa pilas ng gunita, may ningas ng panalangin sa radyo.
May nakatanaw mula sa buwan. Walang mga sundalo.
Tahimik nang pumatak ang isang kahel mula sa punò.
Ngunit sa ibang uniberso, ang paghihiganti ay ibinalita
na parang mga aninong nangagsitawid sa mga bakod.
Nagmulat ang unang sugat sa mga punglong itinudlâ.
Dadanak ang dugo at magiging amoy-pulbura ang luha.
May sanggol na tila isang alay na iaangat mula sa guhò.
Maaamoy ang lungkot ngunit walang maririnig na uhâ.
Kapag nagtatago na ang araw, magpupulong ang lahat
ng bituin para iligaw ng kanilang liwanag ang naisiwalat.
Ibalik ang lahat ng mga nananaginip sa paghahakang
lumiliit ang daigidig kung ang gulo ng tao ay paulit-ulit.

▪

VII. Yaong nadaratnang pansamantala

May panahong tatawagin mong tahanan
ang anumang lunan na iyong madatnan.
Maging ang ipinahiram na tolda'y bahay
para sa mga araw at gabi ng paghihintay.
Kaya't kahit 'di magawang magsalaysay,
naulinigan ko ang 'yong dalit at tagulalay.
Siguro nga'y nasusuklam ka na sa buhos
ng ulang dating sinasayawan sa parang.
Siguro nga'y sumasagad hanggang buto
ang lamig at kinukulang ang init-katawan.
Siguro nga'y hindi yata kayang mapigilan
ang pagdalaw ng ligalig sa 'yong panahon.
Kahit ang haligi ay nabubuwal sa hangin,
gaya ng mithiing tinatangay ng panimdim.
May panahong kailangan mong lagumin
ang buhay kaugnay ng kapuwa sa paligid.
Gaya ng mga pansamantalang pagtahan
tuwing maiisip ang mga nawala't naiwan
sa paglikas sa gitna at tagal ng digmaan,
may bituin pa rin kahit sa langit-langitan.

▪

VIII. Pagbabakasakali bago ang dilim

Makaraan ang mga pagsabog sa lungsod
at nagputik ang lansangan dahil sa ulan,
lagi raw may amang nagpapabalik-balik,
kung saan nito naiwan ang kanyang anak.
Noong una'y nagpapauli-uli lamang siya,
nangingilala ng nasisilayang mga mukha.
Ilang araw pa, pilit na niyang tinutungkab
ang tipak ng bumagsak na pader. Sinisilip
ang mga siwang sa gumuho. Tinatalunton
ang lahat ng bakas sa gubat ng pagkasira.
Sa bawat pagbabakasakali, ang nahihigit
ng kanyang kamay ay kamay ng ibang tao.
Sa bawat pagbabakasakali, ang nauulinig
ng kanyang tainga ay paghingi ng saklolo
ng mga natatákot at duguang estranghero.
Ang mga matang nakikita niya'y tila mata
ng kanyang hinahanap ngunit tila wala na.
Sa ganoong pagtatangka, tila nagtatagpo
ang lahat ng tulad niyang naghahanap din.
At laging umaasa bago sumapit ang dilim.

▪

IX. Ang pagdaluyong mula ilog patungong dagat

Puti ang kulay ng telang ipinangyayakap sa mga yumao,
hiram na kadalisan mula sa gitnang-kulay ng watawat.
Kapag sumasayad sa saplot na ito ang mantsa ng dugo,
ayon sa mga martir, laging maipapaalaala ang digmaan:
Isang panahong mas marami pang mga gasa kaysa unan
sa isang lungsod na tila naging isang libingang duguan.
Ang tanging paraan ay mabalutan dahil pinaniniwalaang
ang kapayapaan ay laging mayroong iba pang pangalan.
At tinatawag nila itong kafan, isang lalab at sinusulatan
ng mangungulila: *ang aking buhay, mata ko at kaluluwa;*
O kaya'y: *ang aking ina't lahat-lahat sa akin.* Maaari ring:
Hindi kilala, libu-libong Palestinong hindi napangalanan
ang katawang nagkalasug-lasog sa mga pambobomba.
Paano kaya matatahimik ang kanilang mga kaluluwa?
Doon sa langit kaya silang lahat magbubuntunghininga?
Sana ay humarap sila nang malinis na malinis sa Allah.
Sana ay igiya sila ng panalangin at kadalisan ng kulay.
Nawa, sa isang umaga ay may tahimik na langit sa lahat
ng mga naiwang may kuwentong dapat pang isalaysay
tulad ng agos na dadaluyong mula ilog patungong dagat.

▪

X. Kung uugatin ang takot sa hindi malimut-limot na kasaysayan

Kung tatahimik ang himpapawid, makaririnig ang lahat ng isang awit. Ang mga punò ng olíba ay babati sa lahat ng magagawang makabalik sa lungsod at kahit papaano ay makapagtirik man lamang ng kandila, makapanalangin upang pumagitna ang kapayapaan, sa halip na galit. Asahang may ambong handang dumampi sa lahat ng mga nag-aalab, dahil lumalapad, lalong lumalawak ang sukat ng dumarating na lálab. Sa bawat aninong lumalakad sa mga kalsadang tila nawalan ng mapa, nawa ay mahanap nila ang tubig na titighaw sa uhaw nilang kaluluwa. May inang hinahanap ang silbi sa tapat ng salaming baak na isinandal, nawa ay maging liwanag siya ng mga musmos na nawalan ng pamilya. May amang nagtiklop ng mga lálab na isinalansan sa paanan ng altar, nawa ay muling makapagtindig ng haligi at makapanindigan pa sa iba. Tila ibong nabalian ng pakpak ang librong pinulot ng bata sa paaralan, nawa ay mahatiran pa siya ng pagkain at dunong sa susunod na bukas. Sapagkat ang hiling ay biyaya, hindi dugong magpapaagos sa disyerto, hindi kasaysayang nagsisilang ng mga berdugo, may sunog na pulpito. Hayaan sana nating marinig muli itong awit ng pag-asa't may pag-ibig bago pa tuluyang matuyo ang kahuli-hulihang ugat ng awa sa mundo. Kung may maririnig mang pag-uhâ ng sanggol doon sa kabilang bakod ng kaaway, balikan ang kasaysayang hindi malilimot ang sariling tákot.

▪

//Wakas